

Pakikilahok ng mga Batang Pilipino sa Lokal na

+ Pamamahala



Inihanda ng:



SALIGAN

Para sa:



Save the Children

Pakikilahok ng mga Batang Pilipino sa Lokal na Pamamahala

Ang *United Nations Convention on the Rights of the Child* (UNCRC) ay isang pandaigdigang kasunduan na nilagdaan ng higit isandaan at siyamnapung mga bansa sa buong mundo. Sinasabi ng UNCRC na tulad ng mga may sapat na gulang, ang mga bata ay mayroon ding karapatang pantao. Kinikilala nito ang katayuan ng mga bata bilang mga mamamayan ng isang bansa kung kaya lahat ng *State-parties* sa UNCRC ay nangako na magbibigay proteksyon at isusulong ang mga karapatan ng mga bata sa pamamagitan ng kani-kanilang gobyerno. Dahil dito, ang karapatan ng mga bata sa pakikilahok ay nakakuha ng makabuluhang pansin sa internasyonal, panrehiyon, pambansa at lokal na antas.

Kinikilala ng UNCRC na ang bawat bata ay dapat bigyan nang pagkakataong gamitin ang kanyang karapatang makilahok o marinig sa lahat ng pag-dedesisyon na may kinalaman sa kanyang buhay. Ang mga pagpapasyang ito ay maaring ginagawa sa loob ng kanyang tahanan, paaralan, pamayanan o sa mas malaking lipunan. Kinikilala nito na ang karapatang mapakinggan ay isang pangunahing karapatan na may mahalagang papel sa pagsasabuhay ng lahat ng iba pang mga karapatan ng mga bata.

Halimbawa, ang gobyerno ng Pilipinas ay gumagawa ng maraming mahahalagang desisyon mula sa pambansang antas hanggang sa barangay na makaaapekto sa pang-araw-araw na buhay ng mga mamamayan. Kabilang sa pagpapasyang ito ang pagpapatupad ng mga programang mag-aangat sa kalusugan at kagalingan ng tao. Kasama rin ang pagbibigay ng access sa edukasyon at kabuhayan, pati na rin ang pagpasa ng mga batas para sa pagpapabuti ng buhay ng bawat isa. Lahat ng ito ay may kinalaman at maaring makaaapekto sa mga bata. Bilang mamamayan, ang mga batang Pilipino ay dapat bigyan ng pagkakataong lumahok sa mga talakayang ito.

Ang aklat na ito ay inilalaan para sa mga bata upang malaman at maunawaan nila ang iba't ibang puwang para sa pakikilahok ng mamamayan sa pamahalaang lokal. Maaari rin itong magsilbing gabay para sa mamamayan, mga yunit ng lokal na pamahalaan, at mga taong may mahalagang papel sa pagtulak ng mga patakarán na magbibigay ng permanente at malawakang pagtanggap sa karapatan ng mga bata na makilahok sa pagdedesisyon sa bahay, sa paaralan, sa pamayanan, maging sa pamahalaan.

Ang aklat na ito ay para sa ating lahat....



Pangalan: _____

Edad: _____

Kung mayroon akong maaring palitan sa aking buhay, ito ay ang

Kung mayroon akong maaring palitan sa aking komunidad, ito ay ang

Kung mayroon akong maaring palitan sa mundo, ito ay ang

Ang ilan sa aking mga paboritong tao ay sina

Ang ilan sa aking mga paboritong bagay ay



**Bago tayo magsimula, alamin
natin ang ilang mga salita at
pangalan na makakaharap
natin sa aklat na ito ...**

BATA AT KABATAAN

Ayon sa *United Nations* (UN), ang "kabataan" ay mga bata na may edad 15–24 na taon. Sa Pilipinas, inilalarawan ng *Youth in Nation Building Act* o RA 8044 ang kabataan bilang mga tao na nasa yugto ng kanilang pagbibinata at pagdadalaga hanggang sa umabot sila sa sapat na gulang kung saan sila ay may tiwala sa sarili at may pananagutan. Sa pangkalahatan, ang kabataan sa Pilipinas ay tumutukoy sa mga taong may edad na 15–30 taong gulang tulad mo.



KARAPATAN NG MGA BATA

Ang bawat bata ay may pare-parehong karapatang pantao. Ang ilan sa iyong karapatang pantao ay may kinalaman sa pangunahing pisikal na pangangailangan upang manatiling buhay. Halimbawa, may karapatan ka sa pagkain, tirahan, at pangunahing pangangalaga sa kalusugan.

Kasama sa iyong karapatang pantao ang tratuhin ka ng ibang tao na may dignidad at respeto.

Ang ilan sa iyong mga karapatan ay may kinalaman sa iyong pangangailangan na pangalagaan, paunlarin, palaguin at maging bahagi ng iyong mga pamayanan. May karapatan ka sa edukasyon, sa pagpapahayag ng iyong sariling mga ideya at opinyon, sa impormasyon, sa proteksyon, at karapatang lumahok sa pagdedesisyon tungkol sa mga isyu na nakakaapekto sa iyo. May karapatan ka ring hindi makaranas ng diskriminasyon dahil sa kung sino ka o saan ka nagmula.



PAMAMAHALA

Ang pamamahala ay paggamit ng kapangyarihan ng mga namumuno sa gobyerno upang itaguyod at protektahan ang kagalingan ng lahat ng tao sa ating pamayanan. Kasama rito ang paglikha ng mga patakaran, pagpapalano at pagpapatupad ng mga programa at aktibidad gamit ang mga mapagkukunang- yaman sa pamayanan upang makamit ang kaunlarang panlipunan at pang-ekonomiya.

LOKAL NA PLANO SA PAG-UNLAD

(Local Development Plan)

Ang *Local Development Plan* ay isang ligal na dokumento na naglalaman ng mga plano para sa kaunlaran ng buong pamayanan at ng ekonomiya. Ito ay ginagawa ng pamahalaang lokal. Kabilang sa plano para sa pag-unlad ng pamayanan ang mga pangunahing programa at proyekto para sa edukasyon, pabahay, kalusugan, kapakanan ng lipunan at mga plano para sa mga batang tulad mo. Kabilang naman sa pagpapaunlad ng ekonomiya ang mga plano para sa agrikultura, turismo at imprastraktura. Ang mga planong ito ay ipinatutupad sa isang tukoy na panahon.

LOKAL NA KONSEHO PARA SA PROTEKSYON NG MGA BATA

(Local Council for the Protection of Children)

Ang *Local Council for the Protection of Children* ay ang grupong responsable sa pagbuo at pagpapatupad ng mga plano para sa pagtataguyod ng iyong kapakanan. Ito ay organisado sa antas ng barangay, munisipyo, lungsod at lalawigan. Binubuo ito ng iba't ibang mga *stakeholders* mula sa gobyerno at samahang panlipunan o samahan ng mga tao.



**Basahin natin ngayon ang
higit pang kaalaman tungkol
sa Karapatan ng mga Bata
sa Pakikilahok ...**

ANO ANG KARAPATAN NG MGA BATA SA PAKIKILAHOK?

Lahat ng mga batang babae at lalaki, anuman ang edad, kasarian, kakayahan, wika, kulay, at iba pang katayuan sa buhay, ay may karapatang mag-isip para sa kanyang sarili. Maaari kang lumahok sa mga bagay na nakaaapekto sa iyo, sa ibang mga bata, at sa pamayanan. Kasama sa karapatang makilahok ang iyong karapatang makamit ang impormasyong makakatulong sa iyo upang makabuo bumuo ng sariling ideya at opinyon. Gayundin, may karapatan kang masiguro ang isang ligtas at maligayang kapaligiran habang ipinapahayag ang iyong mga pananaw. Para mas maging tiyak:

ANG KARAPATAN NG MGA BATA SA PAKIKILAHOK ay tungkol sa mga sumusunod:²


- ✓ pagkakaroon ng impormasyon tungkol sa mga bagay na may kinalaman at mahalaga sa iyo at sa iba pang mga bata;
- ✓ maipahayag ang iyong sarili - ang iyong mga saloobin at opinyon;
- ✓ mapakinggan ang iyong boses;
- ✓ magkaroon ng pagkakataong makisali sa paggawa ng mga desisyon na nakaaapekto sa iyo;
- ✓ igalang at seryosohin ang iyong mga ideya;
- ✓ makibahagi sa mga bagay na mahalaga sa iyo;
- ✓ magkaroon ng pagkakataong pumili ng iyong sariling paniniwala; at,
- ✓ bumuo ng mga pangkat o *club*.



²Stein J. (2014) Kids Right Report: Child's Participation from Rights to Reality, Kids Right Foundation, Universiteit Leiden, (Accessed 20 January 2017), pg.10

ANG KARAPATAN NG MGA BATA SA PAKIKILAHOK ay *hindi* tungkol sa³:

- ✗ kawalan ng paggalang sa kapwa o pananakit sa kapwa;
- ✗ iilan lamang na mga bata ang laging nakikipag-usap at hindi binibigyan ng pagkakataong magsalita ang iba;
- ✗ kagustuhan na pangunahan o kontrolin ang mga may sapat na gulang;
- ✗ pagiging sunud-sunuran ng mga matatanda sa lahat ng nais ng mga bata;
- ✗ nais ng mga bata na laging magawa kung ano ang gusto nila; at,
- ✗ pagpayag ng mga matatanda na makibahagi sa pag-uusap ang mga bata ngunit hindi nagmamalasakit sa kanilang sinasabi.




BAKIT MAHALAGA ANG PAKIKILAHOK NG MGA BATA?

Pinapayagan ka at ang iba pang mga bata na makilahok sa iba't ibang gawain kabilang ang mga proseso ng paggawa ng desisyon na nakikinabang sa iyo, sa iyong pamilya, sa iyong paaralan, at sa pamayanan kung saan ka kabilang. Ayon sa isang ulat na pinamagatang *Child's Participation From Rights to Reality* na isinulat ni Jill Stein, mayroong tatlong mahalagang kadahilanan sa pakikilahok ng mga bata:

Ang pakikilahok ay nakakatulong sa iyong personal na pag-unlad⁴.

Ang pagbibigay sa iyo ng pagkakataong ipahayag ang iyong mga pananaw at seryosohin ang mga ito ay makakatulong sa iyo na magkaroon ng tiwala sa sarili. Dadagdagan nito ang positibong pagtingin mo sa iyong sarili. Tutulungan ka rin nitong mas maging responsable para sa iyong kinabukasan gayundin sa pagsasakatuparan ng iba mo pang karapatan. Maaari ka ring bumuo ng iba pang mga kasanayan tulad ng pagtatrabaho sa pangkat, paglutas ng problema, pangangatwiran, negosasyon, at pakikipag-ugnayan sa ibang mga bata at mga matatanda. (Parkes 2013: p.13-14; Lansdown & O'Kane, 2014: p.6).



³Kapell, Participate You and Participate Me, pg.11

⁴Jill Stein, Child Participation From Rights to Reality, (Kids Right Foundation, 2014), pg.9-12

Ang pakikilahok ng mga bata ay nagdudulot ng mas epektibong resulta

Kapag maraming tao ang sangkot sa pagbuo ng mga ideya at desisyon, maaasahan na ang resulta nito ay mas mabuti kumpara sa kung iilan lamang ang gumawa nito. Ang mga batang tulad mo ay mayroong mga natatanging ideya tungkol sa inyong mga pangangailangan, alalahanin at karanasan bilang isang indibidwal at kasapi ng isang pangkat. Kaya, pagdating sa mga isyu ng mga bata, ang iyong mga pananaw ay magbibigay sa matatanda ng mahalagang impormasyon na magiging tulay upang maunawaan nila ang pagkakaiba sa pagitan ng kung paano nila nakikita ang buhay ng mga bata at kung ano ang inyong tunay na kalagayan. Napakahalaga ng mga impormasyong ito para sa pagpapasa ng mga batas, patakaran, at programang nakaaapekto sa mga bata. Ang mga desisyong isinasaalang-alang ang pananaw ng mga bata ay lumalabas na mas angkop, mas mabisa at mas pangmatagalan.

Ang pakikilahok ng mga bata ay nagpapalakas sa ugnayan ng mga *civil society organizations* at nagdudulot ng mabuting pamamahala

Kapag lumahok ka sa mga samahan, pangkat, konseho, komite, at iba pang lehitimong organisasyon, pinapalakas mo ang pakikipag-ugnayan sa lipunan. Natututunan mong maging aktibong mamamayan at kung paano pahalagahan ang papel ng bawat tao sa pagkamit ng kaunlaran sa pamayanan.

Namumulat ka sa iyong mga karapatan at nabubuo ang mga kasanayang kinakailangan upang ikaw ay makahulugang makalahok sa mga proseso ng paggawa ng desisyon. Nagkakaroon ka rin ng kumpiyansa sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao at sa gobyerno⁶.



⁵Lansdown G. (2009), What is Children and Young People's Participation, Save the Children Sweden, (Accessed 20 January 2017), pg.5

⁶4 Participatory Learning Action Young, Young Citizens: Youth and Participatory Governance in Africa, International Institute for Environment and Development (IIED), (Accessed 20 January 2017), pg.9



Gawain sa Pagkatuto

Si Gina ay 15 taong gulang. Siya ay residente ng Barangay Masaya. Buwan-buwan, ang Barangay Masaya ay nagsasagawa ng pagpupulong upang magplano ng mga programa at proyekto para sa mga kabataan. Inaanyayahan si Gina at ang iba pang mga bata sa mga pagpupulong na ito. Dumadalo sila at aktibong nakikibahagi sa mga talakayan kaya't ang kanilang mga saloobin at mungkahi ay isinasama sa mga plano ng Barangay Masaya.

Sa iyong barangay.

1. Inaanyayahan ba ang mga bata na lumahok sa mga pagpupulong?

.....

2. Kung oo, nakilahok ka ba sa alinman sa mga pagpupulong na ito?

.....

3. Isinasaalang-alang ba ang mungkahi ng mga bata?

.....

4. Kung oo, maaari mo bang ibahagi kung paano ito ginagawa ng inyong barangay?

.....



5. Kung hindi, ilista ang ilang mga aksyon na sa palagay mo ay maaari mong gawin upang makumbinsi ang mga tao sa iyong barangay na isaalang-alang ang inyong mga saloobin at mungkahi.



PAGSASABUHAY NG KARAPATAN SA PAKIKILAHOK NG MGA BATA

Noong 1990, pinagtibay ng ating pamahalaan ang UNCRC. Nangangahulugan ito na nangangako ang gobyerno na gagawin ang lahat ng makakaya nito upang matamo ng mga batang katulad mo ang inyong mga karapatan. Nangangako itong gagawin ang mga sumusunod:

- Gumawa ng mga patakarang magtataguyod sa karapatan ng mga bata at baguhin ang mga patakarang lumalabag o nagpapahirap sa pagsasakatuparan ng mga karapatan ng mga bata:
- Gumawa ng mga plano at estratehiya upang ipatupad ang mga karapatan ng mga bata:
- Bumuo ng mga programang makakatulong maisakatuparan ang mga karapatan ng mga bata at maglaan ng sapat na pondo para sa mga ito:
- Kolektahin ang mahahalagang datos sa mga usaping may kinalaman sa mga bata at pag-aralan kung paano nakakaapekto sa kanila ang mga umiiral na patakaran at programa sa komunidad:
- Maglagay ng mga independiyenteng tanggapan na magsusulong at mangangalaga sa mga karapatang pantao:



- Makipagtulungan sa mga tao at magbigay ng mga pagkakataon kung saan maaaring ipahayag ng mga bata ang kanilang mga opinyon at pakinggan ang mga ito:
- Itama ang mga negatibong paniniwala ukol sa pakikilahok ng mga bata; at,
- Magbigay ng kasanayan sa mga tao at iba't ibang grupo tungkol sa karapatang pantao ng mga bata, kabilang ang karapatan sa pakikilahok.

Ang mga sumusunod ay rekomendasyon ng mga bata tungkol sa kung paano sila maaaring makilahok sa lokal na pamamahala:



Isali ang mga bata sa paraang magiliw at angkop sa edad naming mga bata:

Ang mga bata at pangkat ng mga bata ay dapat na makakuha ng impormasyon tungkol sa mga programa, serbisyo, at badyet sa barangay. Ang mga impormasyong ito ay magsasabi kung ang gobyerno ay tumutugon sa aming mga pangangailangan at alalahanin:



Makipag-ugnayan sa mga bata upang makabuo ng paraan upang matiyak na ang aming pakikilahok ay makabuluhan at ang aming mga mungkahi at alalahanin ay isinasaalang-alang sa paggawa ng desisyon:

Bumuo ng mas malakas na ugnayan sa pagitan ng mga grupo ng mga bata at barangay upang ang ugnayang ito ay hindi maapektuhan ng pagbabago sa administrasyon.



Ang mga sumusunod ay rekomendasyon ng mga bata tungkol sa kung paano sila maaaring makilahok sa lokal na pamamahala:



Sanayin kami kung paano namin makukumbinsi ang gobyerno na gumawa ng mga patakaran at programa.



Dapat kasali kami sa pagpapalano, pagpapatupad, pagsubaybay at pagsusuri ng mga programa ng aming barangay.

Suportahan ang mga gawaing aming sinimulan para sa pagtataguyod ng aming mga karapatan.



Ituro ang mga karapatan ng mga bata sa mga katutubong pamayanan.

Payagan kaming makibahagi sa proseso ng pagpapasya sa pamayanan.



Magdagdag ng iba pang rekomendasyon sa listahan

.....
.....



Gawain sa Pagkatuto

Maraming bagay ang maaaring makapag-ambag sa isang makabuluhang pakikilahok ng mga bata. Lagyan ng ★ ang pahayag kung makakatulong ito sa iyo na lumahok sa isang proseso ng pagdedesisyon at ▲ kung pinipigilan nito ang iyong pakikilahok.

- ☐ Pakiramdam na ikaw ay "inilagay sa lugar."
- ☐ Kilala ang lahat sa pagpupulong o konsultasyon.
- ☐ Paghahanda at pagsuporta sa pagpupulong o talakayan.
- ☐ Pwersahang paglalahad ng mga personal na pangyayari hinggil sa isang hindi kilalang tao.
- ☐ Mahabang pagpupulong o pag-uusap.
- ☐ Hindi pinapayagang makuha ang mga impormasyong konektado sa tatalakayin at hindi pinapaalam kung sino ang dadalo sa pagtitipon.
- ☐ Ang pagkakaroon ng pagkakataong masabi kung ano ang iniisip o nararamdaman o pagkakataong ipahayag ang iyong mga pananaw.
- ☐ Paggamit ng positibong paraan ng pakikipag-usap sa mga bata at pagbibigay-tuon sa kanilang sinasabi.

Gumawa ang pamahalaan ng maraming polisiya upang itaguyod ang iyong mga karapatan. Ang mga polisiyang ito ay nagbibigay-buhay sa pangako nila sa ilalim ng UNCRC. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga polisiyang nagtataguyod ng iyong karapatan sa pakikilahok:

The Child and Youth Welfare Code

o PD No. 603.

Mayron kang karapatan at responsibilidad na lumaki bilang isang malayang indibidwal na determinadong bumuo ng isang mas mabuting mundo. Karapatan mo rin na aktibong makilahok sa mga gawaing pangmamamayan habang isinasaisip na ikaw at ang iba pang mga kabataan ang siyang huhugis sa kinabukasan ng ating bansa.

Local Government Code of 1991


o RA No. 7160

Ang batas na ito ay nagbibigay ng mga puwang kung saan ang mamamayan ay maaaring makilahok sa pamamahala sa pamamagitan ng mga *local special bodies* at Sangguniang Kabataan.

Social Reform and Poverty Alleviation Act

o RA No. 9425

Ang batas na ito ay nagtatalaga sa mga bata bilang kasama sa mga batayang sektor ng lipunan. Nangangahulugan ito na lahat ng ahensya ng gobyerno na may tungkuling gumawa at magpatupad ng mga programa at polisiya laban sa kahirapan ay dapat na kumonsulta muna sa inyo at isaalang-alang ang anumang inyong sasabihin.




Executive Order 310, Series of 2000

Iniuutos ng polisiyang ito na lahat ng lokal na gobyerno na isama sa kanilang mga lokal na plano para sa kaunlaran ang mga programa at gawain na nakalista sa *Philippine National Strategic Framework Plan for Development of Children*, na kilala bilang *Child 21*. Ang pondo para sa pagpapatupad nito ay magmumula sa *Internal Revenue Allotment* ng lokal na pamahalaan.

Youth in Nation Building Act o RA 8044

Ayon sa batas na ito, dapat kang tulungan ng gobyerno na makilahok sa paggawa ng mga polisiya at mga programang makakatulong sa mahihirap at magpapabuti sa pamumuhay ng marami. Ang gobyerno ay naglaan ng sapat na halaga upang makapagbigay ng disentang pabahay na kumpleto sa mga pangunahing serbisyo at oportunidad sa pagtatrabaho para sa mga pamilyang inilipat sa ilalim ng programa.



Patungo sa *Child-friendly* na mga Pasilidad sa Relokasyon

Ang OPLAN Likas ay isang programa ng gobyerno na naglilipat sa mga pamilyang naninirahan sa mga lugar na itinuturing na mapanganib o *danger zones* sa loob ng Maynila patungo sa mas ligtas na mga lugar sa labas ng Metro Manila.

Matapos ang tatlong taong implementasyon, ang SALIGAN, kasama ang iba pang samahang panlipunan, ay naki-partner sa mga bata mula sa Malabon, Navotas, Metro Manila at mga lalawigan ng Bulacan at Cavite upang masuri at malaman kung ano ang nasa isipan ng mga bata patungkol sa programang relokasyon.

Ang mga bata ay sinanay sa kanilang mga karapatan at tamang pamantayan para sa disente at sapat na pabahay at mga batas at proseso sa relokasyon. Pagkatapos ng talakayan, tinanong sila tungkol sa kanilang mga karanasan sa panahon ng proseso ng relokasyon at kung ano ang nasa isipan nila at nararamdaman tungkol dito, pati na rin kung mayroon silang nais imungkahi kung paano mas mapapabuti ang proseso upang gawing mas kaaya-aya para sa mga bata.

Ayon sa mga bata, nais nilang mabigyan ng kaalaman at maisama sila sa talakayan sa bawat plano o programa ng relokasyon. Nais nilang maging ligtas at ituring na may respeto sa buong proseso ng relokasyon kasama ang kanilang pamilya, mga kaibigan at mga kagamitan. Nais nilang ang bagong komunidad ay mayroong kuryente, tubig, disentang pabahay, mga kalsada, access sa internet, merkado, mga mapaglilibangan at iba pang pasilidad na maaari nilang mapakinabangan nang maayos. Isa sa kanila ang nagsabi, *"Sana po maging maganda ang buhay namin sa bagong bahay na naming lipaton. Salamat po"*.

Ang kanilang mga iminungkahi ukol sa proseso ng relokasyon, pagbibigay serbisyo at paglalaan ng mga angkop na pasilidad sa lugar ng relokasyon ay isinaalang-alang at kasama sa ipinanukalang batas na inihain sa Kongreso.



Ano ang palagay mo sa kwentong ito?

Ano ang pakiramdam mo tungkol dito?

Ano ang iba pang nais mong imungkahi upang mapabuti ang komunidad ng mga inilipat?

Ano ang maaari mong gawin upang hikayatin ang iyong sarili at iba pang mga bata na lumahok sa mga aktibidad sa pamayanan tulad ng nasabi sa kwento?



Ang mga batas ay nagsasaad ng tuntunin tungkol sa kung ano ang maaaring gawin at hindi maaaring gawin upang ang bawat isa ay mamuhay nang matiwasay at magkakasundo. Ito ang dahilan kung bakit mahalagang maunawaan mo kung ano ang ibig sabihin ng batas, at kung saan ito nagmula. Ang iyong kaalaman tungkol sa lahat ng ito ay magpapalakas sa iyo upang lumahok sa pamamahala.

ANO ANG BATAS?

Ang batas ay mga patakaran sa pag-uugali na ginawa ng tamang awtoridad upang maprotektahan at maitaguyod ang mabuting interes ng lahat ng mga tao sa pamayanan.



Ano ang isang patakaran sa pag-uugali?

Ang isang patakaran sa pag-uugali ay kung ano ang maaari mong gawin at hindi magagawa o pag-uugali na pinapayagan at hindi pinapayagan.



Sino ang tamang awtoridad?

Tayo, ang mga mamamayan, ang gumagawa ng mga batas sa pamamagitan ng ating mga kinatawan sa gobyerno. Ito ang Kongreso ng Pilipinas na binubuo ng mga Senador at mga kinatawan ng bawat distrito na malimit ding tinatawag na “Kongresista”, ang gumagawa ng mga pambansang batas. Samantala, ang lokal na konseho naman ang gumagawa ng mga lokal na batas para sa pamayanan. Ang konseho ay maaaring tinatawag na Sangguniang Panlalawigan para sa mga lalawigan, Sangguniang Panlungsod para sa mga lungsod, Sangguniang Bayan para sa mga munisipyo at Sangguniang Pambarangay para sa mga barangay.

SAAN NAGMUMULA ANG MGA BATAS?

Ang mga batas ay nagmumula sa mga sumusunod:

Ang Konstitusyon ng Pilipinas, na siyang “pinakamataas na batas sa bansa”, ay naglalaman ng pinakapangunahing batas ng ating bansa at mga pangunahing karapatan ng bawat mamamayang Pilipino. Inilalarawan din nito kung paano dapat gumana ang gobyerno, ang mga sangay ng pamahalaan, at ang mga kapangyarihan, limitasyon, tungkulin at responsibilidad nito.

Ang Artikulo II, seksyon 13 ng Konstitusyon ng Pilipinas ay nagsasaad na "Kinikilala ng Estado ang mahalagang papel ng mga kabataan sa pagbuo ng bansa at dapat itaguyod at protektahan ang kanilang pisikal, moral, espiritwal, intelektwal at panlipunang kagalingan. Ituturo nito ang pagkamakabayan sa mga kabataan, at hihikayatin ang kanilang pagsali sa mga gawaing pampubliko at sibiko."

Nangangahulugan ito na ang mga kabataan ay mahalaga sa kaunlaran ng bansa. Dahil dito, dapat magbigay ang gobyerno ng mga serbisyo sa mga bata at mga pagkakataon para sa kanila na makilahok sa mga programa nito upang ang mga batang katulad mo ay lumaking disente at responsableng mamamayan.

Ang Mga Batas Pambansa na nakasulat at ipinasa ng Kongreso ng Pilipinas. Ang mga pambansang batas ay dapat na naaayon sa Konstitusyon ng Pilipinas. Ipinatutupad ang mga ito sa lahat ng lugar sa bansa.

Ang Mga Batas Pang-lokal ay nakasulat at naipasa ng lokal na konseho tulad ng ordinansa at resolusyon, na bagamat parehong lokal na batas ay magkaiba. Ang ordinansa ay mas malakas kaysa sa isang resolusyon sapagkat ito ay itinuturing na isang permanenteng tuntunin ng pag-uugali maliban kung binago ng isang bagong ordinansa. Sa kabilang banda, ang resolusyon ay isang pormal na pagpapahayag ng kalooban ng pamahalaang lokal. Ang mga lokal na batas ay may limitadong aplikasyon. Ang mga ito ay may bisa lamang sa lugar kung saan ginawa ang batas. Ang isang halimbawa ng isang lokal na batas ay ang *City Children's Welfare Code*.

Ang Mga Administratibong Panuntunan at Regulasyon ay naglilinaw kung paano dapat ipatupad ang ilang mga batas. Hindi nila maaaring baguhin ang batas. Ang mga panuntunang administratibo ay dapat na naaayon sa mga pambansang batas at Konstitusyon.

Ang mga sumusunod ay mga uri ng panuntunang administratibo:

Implementing Rules and Regulations (IRR) o mga patakaran at regulasyon sa pagpapatupad ng batas Pambansa.

Mga utos na inisyu ng Pangulo. Minsan, nagpapanukala rin ang Presidente ng mga panuntunang administratibo na tinatawag na *Executive Orders* (EOs), *Administrative Orders* (AOs) o mga Proklamasyon. Halimbawa nito ay ang *EO 310 Series of 2000* na patungkol sa pagpapatupad ng gobyerno ng mga estratihiya para sa pagsusulong ng karapatan ng mga bata.

Ang Mga Desisyon ng Korte Suprema naman ay mga desisyong ginawa ng Korte Suprema tungkol sa mga bagong isyu o kontrobersiya. Minsan, may mga hindi pagkakasundo na nagmumula sa mga aksyon na hindi sakop ng mga umiiral na batas at maging ang ating Konstitusyon ay maaaring walang masabi tungkol dito. Ang bagay na ito ay idinudulog sa Korte Suprema. Ang mga mahistrado o hukom, bilang isang grupo ay nagpapasya kung ayon sa orihinal na intensyon ng mga manunulat ng Konstitusyon ng Pilipinas ay nilayon nilang payagan o hindi payagan ang aksyong sangkot sa kontrobersiya.

Napakalawak ng mga probisyon ng ating Konstitusyon na sumasakop sa halos lahat ng mga kilos at isyu. Gayunpaman, sa ilang mga kaso, ang mga probisyon ay maaaring masyadong pangkalahatan kung kaya't tinatalakay ng mga mahistrado ng Korte Suprema kung paano ito dapat bigyang kahulugan. Sa lahat ng kaso, dapat sundin at panindigan ng Korte Suprema ang Konstitusyon lalo na kung malinaw ang wika nito.




Upang magawa mong makilahok sa pagpapasya ng gobyerno, mahalagang maunawaan mo kung paano nagtatrabaho ang gobyerno at kung paano ito gumagawa ng pagpapasya.

Ang gobyerno ay tumutukoy sa isang pangkat na gumagamit ng kapangyarihan at awtoridad na mamuno sa isang bansa, lalawigan, lungsod o bayan, o kahit sa isang barangay. Ang kapangyarihan at awtoridad ng gobyerno ay nagmumula sa mga mamamayan. May obligasyon ang gobyerno na gamitin ang kanyang kapangyarihan at awtoridad para sa ikabubuti ng mga mamamayan, at mayroon din itong pananagutang iulat muli sa mga tao ang resulta ng kanilang mga desisyon at kilos.

PAANO ANG PAGKAKABALANGKAS NG GOBYERNO?

Mayroon tayong Pamahalaang Sentral na nakabase sa *National Capital Region* (NCR) at Pamahalaang Lokal o *Local Government Units* (LGUs) sa mga lalawigan, lungsod, bayan at mga barangay sa buong bansa. Ang pamahalaang sentral ay may awtoridad sa buong istruktura ng gobyerno. Pinangangasiwaan nito ang mga LGUs, sa pamamagitan ng *Department of the Interior and Local Government* (DILG), upang matiyak na ginagawa ng mga LGUs ang kanilang trabaho sa pagpapatupad ng batas, pamamahala ng mapagkukunang-yaman at paghahatid ng serbisyo sa mga tao sa kani-kanilang nasasakupan.




PAANO GINAGAMIT NG PAMAHALAAN ANG KANYANG KAPANGYARIHAN AT RESPONSABILIDAD?

Ang Pilipinas, bilang isang desentralisadong gobyerno, ay naglilipat ng ilang kapangyarihan, gawain, tungkulin at pagdedesisyon mula sa pamahalaang sentral patungo sa mga LGUs o mga lokal na pamahalaan at ahensya. Binibigyan ng awtoridad na magpasya sa kanilang antas ang mga lokal na pamahalaan at ahensya. Nangangahulugan ito na maaari silang gumawa ng kanilang sariling patakaran, programa at aktibidad, at maglaan ng pondo para sa pagpapatupad ng mga proyekto na inilaan para sa mga tao.

Nakakatulong ang desentralisasyon na mailapit ang gobyerno - at ang mga programa at serbisyo nito - sa mga tao sa pamamagitan ng mga lokal na pamahalaan.

Inaatasan din ang mga LGUs na tiyakin na ang lahat ng lugar sa Pilipinas ay magiging aktibong katuwang sa pagbuo at pagpapaunlad ng bansa. Ang tagumpay ng ating gobyerno ay hindi nakasalalay sa iilang tao lamang na nagtatrabaho dito.

Kapag ang mga tao sa pamayanan, kabilang na ang mga bata, ay lumahok sa paghahanap ng mga paraan upang mapabuti ang kanilang buhay at dalhin ito sa pamahalaan para maaksyunan, ang buong proseso ng pamamahala ay magiging madali at ang pag-unlad ay mas tutugon sa mga pangangailangan ng tao. Dahil dito, mahalagang makilahok ang mga bata sa loob ng desentralisadong istrukturang ito ng gobyerno.



ANO ANG IBA'T IBANG URI NG PAMAHALAANG LOKAL O LGUs?


Mayroong apat na magkakaibang LGUs sa Pilipinas na tinatawag na Barangay, Bayan, Lungsod at Lalawigan. Ang mga ito ay inuri ayon sa laki ng kanilang kalupaan, kita at populasyon.

Ang Barangay ang pinakamaliit na yunit. Ito ang may pinakamababang kita, pinakamaliit na lawak ng lupa, at pinakakaunting bilang ng tao. Nasa laki ng kita, populasyon at lawak ng lupa ang pagkakaiba ng bayan at lungsod. Habang dumarami ang kita at lumalaki ang lawak ng lupa at populasyon, ang barangay ay maaaring maging bayan at ang bayan ay maaaring gawing lungsod. Ang pinagsama-samang bayan o bayan at lungsod ay maaaring maging lalawigan.

Basis for the formation of local government units							
Basis	Barangay	City		Municipality		Province	
Number of People	5,000 for Metro Manila/ HUCs; 2,000 para sa ibang barangay	25,000		150,000		250,000	
Extent of Land	None	50 sq. km.		100 sq. km.		2,000 sq. km.	
Annual Income	None	Class	Average Annual Income	Class	Average Annual Income	Class	Average Annual Income
		First	P55M or more	First	P400M or more	First	P450M or more
		Second	P45M or more but less than 55m	Second	P320M or more but less than 400m	Second	P360M or more but less than 450m
		Third	P35M or more but less than 45m	Third	P240M or more but less than 320m	Third	P270M or more but less than 360m
		Fourth	P25M or more but less than 35m	Fourth	P160M or more but less than 240m	Fourth	P180M or more but less than 270m
		Fifth	P15M or more but less than 25m	Fifth	P80M or more but less than 160m	Fifth	P90M or more but less than 180m
		Sixth	Below 15m	Sixth	Below 80m	Sixth	Below 90m
Source: Income Classification based on Department of Finance Department Order No. 23-08, Effective July 29, 2008							

Gawain sa Pagkatuto

Kung bibigyan ka ng pagkakataong pumili, anong posisyon sa gobyerno ang nais mong gampanan? Paano mo ito magagamit upang makatulong na itaguyod ang kagalingan ng mga bata? Iguhit o isulat ito dito.





Ang tagumpay ng gobyerno ay hindi nakasalalay sa mga opisyal ng gobyerno lamang. Kapag nakikilahok ang mga tao sa pamamahala, mas direktang natutugunan ng mga programa at serbisyo ng gobyerno ang mga pangangailangan ng mga tao. Nakakatulong ito sa pagbibigay ng mabisa at de-kalidad na serbisyo ng gobyerno sa mamamayan. Sa buong mundo, nakikita natin ang iba't ibang paraan kung paano gumagana ang *"participatory governance"*.

Sa Pilipinas, ginagamit natin ang mga pagkakataong ibinigay ng desentralisasyon na magkaroon ng puwang ang mga tao para makilahok sa mga proseso ng lokal na pamamahala tulad ng pagpapalano, pagpapatupad ng mga programa at pagbabadyet. Tuwing binibigyan din ang mga bata ng pagkakataong makilahok sa pamamahala, sila ay kinikilala bilang mahalagang aktor kaysa tagatanggap lamang ng mga programa at serbisyo ng gobyerno.

ANO ANG MGA PUWANG PARA SA PAKIKILAHOK SA LOKAL NA PAMAMAHALA NA MAGAGAMIT NG MGA BATA?

Kinikilala ng ating Konstitusyon ang halaga ng pamahalaang lokal. Kung mayroon tayong mga magulang sa sambahayan, ang pamayanan ay mayroong mga lokal na opisyal. Ang mga kilos at pagpapasya ng ating mga lokal na opisyal ay agad na nakakaapekto sa pamayanan, kasama na ang mga bata. Samakatuwid, ang batas ay nagbibigay ng mga pagkakataon kung saan ang mga tao ay maaaring makilahok sa lokal na pamamahala. Ang mga puwang na ito ay magagamit din ng mga batang katulad mo.

Mandatory Prior Consultation

Walang programa o proyekto ng pambansang ahensya o opisina na maaaring magdulot ng polusyon, pagbabago ng klima, pagkabawas ng *non-renewable resources*, *crop land*, *range land* o *forest cover* at pagkaubos ng mga iba't ibang uri ng hayop o halaman ang maaaring ipatupad sa lugar nang walang pahintulot ng lokal na sanggunian at walang konsultasyon sa kinauukulang pamahalaang lokal, *non-governmental organizations* (NGOs) at *people's organizations* (POs) na maaaring kabilang ang samahan ng mga bata at samahan ng iba pang mga kinauukulang sektor sa pamayanan.

HALIMBAWA

Nais ng *Department of Energy* na magtayo at magpatakbo ng *coal power plant* sa Lungsod ng Quezon. Bago pa man masimulan ng Kagawaran ng Enerhiya ang pagtatayo ng planta ng kuryente, dapat dumaan ito sa proseso ng konsultasyon sa mga opisyal ng gobyerno ng Lungsod ng Quezon, mga pangkat na nangangalaga sa kalikasan at mga residente ng lugar kasama ang mga kababaihan at mga batang maaapektuhan ng ipinapanukalang proyekto. *

Dapat ding humingi ng pag-apruba ang *Department of Energy* mula sa Sangguniang Panlungsod ng Lungsod Quezon. Kung nabigo itong gawin ang konsultasyon at pagpa-apruba at patuloy na ipatayo ang *coal power plant*, ang pagkilos nito ay maituturing na iligal.



Ang mga batang katulad mo ay maaaring lumahok sa prosesong ito sa pamamagitan ng pagpapasimuno ng alin man sa mga sumusunod:

- a. Hikayatin ang lahat ng mga bata na lumahok sa mga aktibidad ng pamayanan;
- b. Basahin ang tungkol sa ipinanukalang proyekto o hilingin sa mga opisyal ng iyong barangay na bigyan ka ng kinakailangang impormasyon upang mabisa mong maibahagi ang iyong opinyon o komento sa konsultasyon;
- c. Subaybayan ang mga proyekto sa iyong pamayanan; at
- d. Kung nalaman mong hindi nasunod ang prosesong ito, maaari mo itong iulat sa iyong barangay.

Kinatawan ng Lokal na Sektor

Ang lokal na sanggunian ay binubuo ng mga nahalal na miyembro at tatlong kinatawan ng sektor. Ayon sa *Local Government Code*, ang mga kinatawan ng sektor ay magmumula sa sektor ng (1) manggagawa, (2) sektor ng kababaihan at (3) iba pang sektor kabilang ang mga maralita sa lunsod, mga katutubo at pangkulturang pamayanan, mga taong may kapansanan at iba pang sektor na natukoy ng nasabing lokal na sanggunian. Ang kinatawan ng mga bata ay maaaring mapabilang sa mga kinatawan ng sektor. Gayunpaman, kinakailangang tukuyin sa isang ordinansa kung alin sa mga nasabing ibang sektor ang maaaring bumuo sa tatlong kinatawan ng sektor sa lokal na sanggunian.



Opisyal ng mga Kabataan sa Lungsod ng Naga

Ang Pamahalaang Lungsod ng Naga sa Camarines Sur ay lumikha ng isang programa para sa makabuluhang pakikilahok ng mga kabataan sa lokal na pamamahala. Ginawa ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga piling opisyal ng kabataan ng pagkakataong personal na maranasan kung paano patakbohin ang pamahalaan para tugunan ang mga problema at usaping pangkaunlaran sa pamayanan.

Ang programang ito ay bukas sa lahat ng mga kabataan sa Lungsod ng Naga na handang mapabilang sa 48 na puwang na ilalagay sa ehekutibo (*city youth mayor* at *department heads*) at lehislatura (*city youth vice mayor* at mga kagawad sa sangguniang panlungsod), pati na rin sa *non-government organizations* bilang mga kinatawan sa *Naga City People's Youth Council* na magkakasamang bumubuo ng natatanging modelo ng pamamahala na kasali ang mga tao sa Naga City.

Ang mga batang nakapasa sa pagsusuri ay sasailalim sa isang oryentasyon at mga aktibidad sa pagbuo ng kakayahan bago magsimula ang kanilang termino. Sa loob ng isang buwan bawat taon, ang mga piling pinuno ng mga kabataan ay bibigyan ng pagkakataong hawakan ang pagpapatakbo ng pamahalaang lungsod, maliban sa mga usaping tumutukoy sa paggawa ng polisiya o nangangailangan ng pagbabayad ng pera. Gayundin, ang lahat ng mga pinuno ng kagawaran at pinuno ng tanggapan sa lungsod ay inatasang tiyakin na ang kanilang katapat na *youth officials* ay pipirma sa lahat ng opisyal na dokumento na inisyu ng kanilang mga tanggapan. Sa panahon ng kanilang termino, ang *youth officials* ay magkakaroon din ng karapatang makatanggap ng *allowance* na katumbas ng isang kaswal na empleyado ng pamahalaang lungsod.

Ang 28-taong-gulang na programang ito ay nagbigay-daan sa isang kabuuang 1,142 na mga kabataan sa Naga City na makakuha ng karanasan sa kung paano magtrabaho sa gobyerno. Sa katunayan, apat sa mga alumni nito ang kalauna'y napunta sa City Hall at naging pinuno ng mga tanggapan. Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang programa sa paghikayat ng mas maraming kabataan na nakatuon sa serbisyo sa publiko.



Photo: Naga City youth officials in session

Ang pakikipagtulungan ng mga NGOs at POs sa lokal na pamahalaan⁹

Sinasabi ng batas tungkol sa pamahalaang lokal na dapat itaguyod ng pamahalaang lokal ang paglikha ng mga samahan ng tao, mga organisasyong hindi pang-gobyerno, at iba pang pribadong grupo. Ang mga grupong ito ay magiging aktibong ka-partner ng pamahalaang lokal.

Ang mga bata ay hindi pa makakapasok sa mga kontrata dahil sa limitasyon sa edad ngunit maaari silang makisali sa pamahalaang lokal sa pamamagitan ng pagpapasimuno ng mga aktibidad para sa pagpapabuti ng pamayanan at sa pamamagitan ng paghingi ng suporta at kooperasyon ng pamahalaang lokal sa kanilang mga programa.

Child-led Disaster Risk Reduction⁹

Ang *Save the Children*, isang *non-government organization* na nakatuon sa interes at karapatan ng mga bata, ay sumusuporta sa mga programa ng *Child-led Disaster Risk Reduction* sa buong Asya. Sa Pilipinas, ang mga sumusunod na hakbangin ay sinusupportahan ng *Save the Children*:

- Pagsasanay para sa piling mga bata sa larangan ng *risk assessment*:
- Pagbuo ng *emergency response teams* sa mga paaralan na binubuo ng mga bata at pagsasagawa ng *regular earthquake and tsunami drill*:
- Pagkuha ng pananaw ng mga bata na isasama sa mga plano at patakaran para sa pagbabawas ng panganib sa sakuna (DRRM): at
- Paglahok sa pagtatasa ng peligro, mga kahinaan at kapasidad ng pamayanan sa pagharap sa mga sakuna.

Gumawa rin ang mga bata ng mga *poster at mural paintings* upang iangat ang kamalayan ng kanilang mga komunidad tungkol sa mga sakuna at pamamaraan upang mapagaan ang mga panganib. Ang kanilang mga materyales ay malinaw, simple at madaling ma-access ng buong pamayanan.




Representasyon sa *Local Special Bodies (LSBs)*

Ang LSBs ay isang pangkat na may tungkuling pamahalaan ang mga lokal na isyu sa pamamagitan ng pagbibigay ng payo sa mga pinuno ng lokal na pamahalaan. Nagpapayo sila hinggil sa mga programang dapat ipatupad at kung paano sila dapat ipatupad sa pamayanan. Ang mga kinatawan ng NGOs at POs, kasama ang mga organisasyong nagtatrabaho para sa interes ng mga bata, ay maaaring direktang makilahok bilang mga miyembro ng isang LSBs. Ang pagiging kasapi sa isang LSBs ay hindi awtomatiko. Upang maging isang miyembro, ang samahan ay dapat na unang akreditado ng Sanggunian ng lugar kung saan matatagpuan ang samahan.

Ang mga bata ay maaaring makasali sa mga LSBs sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga konsultasyon at talakayang isinasagawa sa isang partikular na isyu. Ang kanilang pakikipag-ugnayan ay magpapabuti sa pagpapalano at pagsubaybay sa mga programa at aktibidad.

Ayon sa batas sa pamahalaang lokal, ang mga sumusunod na LSBs ay kinakailangang likhain upang matulungan ang mga LGUs sa pagbuo at pagpapatupad ng mga partikular na patakaran, programa at aktibidad.

Ang ***Local Development Council*** ay isang lupon na tumutulong sa pagbabalangkas ng mga direksyong ekonomiko at panlipunan. Ito rin ang nagpapadaloy sa mga gawaing pangkaunlaran sa pamahalaang lokal.





Ang **Local School Board** ay ang lupong nagtatakda ng taunang budget para sa operasyon at pagmementena ng mga pampublikong paaralan sa loob ng pamahalaang lokal, base sa parte nito sa “*Special Education Fund*”. Tungkulin din nitong tiyakin na ang mga paaralang pinatatakbo sa loob ng LGU ay nagbibigay ng mga serbisyong pang-edukasyon na tumutugon sa mga pangangailangan at prayoridad ng mga mag-aaral sa loob ng pamayanan.



Ang **Local Health Board** ay inaatasang tulungan ang LGU sa paghahanda ng taunang badyet, partikular ang paglalaan ng pondo para sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga pasilidad sa kalusugan at iba pang serbisyong pangkalusugan.



Ang **Local Peace and Order Council** ay inaatasang makipag-ugnayan hinggil sa mga pagsisikap na maiwasan at masugpo ang kriminalidad at mapanatili ang kapayapaan at katiwasayan sa pamayanan.

Ang pakikilahok ng bata ay magpapabuti sa pagpapalano at pagsubaybay sa sitwasyon ng mga bata at kabataan sa LGU. Maliban sa mga nasabing kinatawan, ang mga sumusunod ay kinakailangang buuin sa mga lokal na pamahalaan, kung saan hinihimok din ang mga pangkat ng mga bata na lumahok bilang mga miyembro o aktibong katuwang sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga patakaran at programa.



Ang ***Bids and Awards Committee*** ay responsable sa pagtitiyak na ang proseso ng pag-bid at paggawad ng mga kontrata para sa LGU ay ginagawa ayon sa mga patnubay na itinakda ng batas.



Ang ***Local Council for the Protection of Children*** ay isang samahan para sa lahat ng mga isyu at alalahanin ng mga bata. Ang mga miyembro nito ay nagtutulungan upang magpatupad ng mga programa at lumikha ng mga patakarang magtataguyod at mangangalaga sa karapatan ng mga bata.



Ang ***Local Disaster Risk Reduction and Management Council*** ay inaatasang tiyakin na ang mga plano at programang magbabawas at mamamahala ng mga panganib na dulot ng sakuna ay kasama sa plano ng kaunlaran ng LGU.



Talasanggunian :

1. Kapell A. (2012) Participate with You, Participate With Me, Save the Children Plan International, Warchild Holland, Accessed 20 January 2017 <<https://resourcecentre.savethechildren.net/node/7092/pdf/7092.pdf>>.
 2. Stein J. (2014) Kids Right Report:Child's Participation from Rights to Reality, Kids Right Foundation, Universiteit Leiden, Accessed 20 January 2017 <https://resourcecentre.savethechildren.net/node/8717/pdf/kidsrights_report_-_child_participation_website.pdf>.
 3. Kapell A. (2008) One Step Beyond:Advocacy Handbook for Children and Yound People, Save the Children Sweden, Accessed 20 January 2017 <https://resourcecentre.savethechildren.net/node/1787/pdf/1787_0.pdf>.
 4. Cohen D. et al (2010) Advocay Toolkit: A guide to influencing decisions that improve children's lives, United Nations Children's Fund (UNICEF), Accessed 20 January 2017 <https://www.susana.org/_resources/documents/default/3-2442-37-1455_530259.pdf>.
 5. Lansdown G. (2009), What is Children and Young People's Participation, Save the Children Sweden, Accessed 20 January 2017 <<https://resourcecentre.savethechildren.net/node/1269/pdf/1269.pdf>>.
 6. 64 Participatory Learning Action Young, Young Citizens: Youth and Participatory Governance in Africa, International Institute for Environment and Development (IIED), Accessed 20 January 2017 <<https://pubs.iied.org/pdfs/14607IIED.pdf>>.
 7. Kapell A. (2012) Participate with You, Participate With Me, Save the Children Plan International, Warchild Holland, Accessed 20 January 2017 <<https://resourcecentre.savethechildren.net/node/7092/pdf/7092.pdf>>.
 8. Lansdown G. (2011) Every Child's Right to be Heard: A resource Guide on the UN Committee on the Rights of the Child General Comment No. 12, Save the Children UK, Accessed 20 January 2017 <<https://resourcecentre.savethechildren.net/node/5259/pdf/5259.pdf>>.
- Laws and Issuances
9. Office of the President, Republic of the Philippines (1991) Republic Act No.7160. Accessed 20 January 2017. <<https://www.officialgazette.gov.ph/1991/IO/IO/republic-act-no-7160/>>.
 10. Sangguniang Panlungsod of Naga City (2007) Ordinance No. 2007-008, Amended by Ordinance No. 2009-017.
 11. Department of Interior and Local Government. Republic of the Philippines (2013) Memorandum Circular No. 70 s. 2013. Accessed 20 January 2017 <https://www.dilg.gov.ph/PDF_File/issuances/memo_circulars/DILG-Memo_Circular-2013730-5e6_d7f10d2.pdf>.S

SALIGAN

Sentro ng Alternatibong Lingap Panlegal

Main Office:

Room 104 1st Floor, Cardinal Hoffner Training Center
Social Development Complex, Ateneo de Manila University,
Loyola Heights, Quezon City 1108, Philippines
Tel Nos. (+63) (2)84266001 loc. 84858-4860
Telefax: (+63) (2)84266124/84265690
Mobile No. 09335268560 (Sun/Smart) / 09664052077 (Globe)
E-mail: saligan@saligan.org
[http:// www.saligan.org](http://www.saligan.org)

Bicol Office:

Door 11 Dona Elena Apartments
J. Miranda Ave., Naga City 4400, Philippines
Tel. No. 09204060423 (Smart) / 09568758660 (Globe)
E-mail: saliganbicol@saligan.org

Mindanao Office:

Door 1, 422 Champaca St.,
Juan Subd., Matina, Davao City 8000, Philippines
Tel No. (+63) (82)2894161
Email: saliganmindanaw@saligan.org

Save the Children

4th floor, Sunyemede IT Center 1614
Quezon Avenue, Quezon City,
1103 Philippines
Trunkline: (+632)8682-7283 (8682-SAVE)
Supporter care Hotlines: +63-929-754-3066
and (+632) 8852-7283 (8852-SAVE)



SALIGAN



**Save the
Children**